

# Chapter One



“Ellie!”

Napalingon si Ellie nang marinig ang pangalan. Kasalukuyan siyang papasok sa gate ng unibersidad kung saan ga-graduate na siya kinabukasan sa kursong Tourism.

“Tita Jane,” aniyang mabilis na lumapit dito. Best friend ito ng kanyang mommy na si Silvia. “Ano po’ng ginagawa n’yo dito?” derecho niyang tanong nang makalapit sa minamaneho nitong sasakyan.

“Naku, mabuti naman at nakita kita dito at nang hindi ko na kailangang maghanap ng mapaparadahan. Naiwan ni Joshua ang gamot niya, pakibigay na lang sa kanya,” anang ginang sabay abot sa kanya ng inhaler ng anak nito.

Pinigilan ni Ellie ang mapataas-kilay. Mag-best friend nga si Tita Jane at ang kanyang ina, pero hindi niya maatim na kaibiganin man lang ang anak nito. Magkatabi lang ang classroom nila ni Joshua sa first period during MWF. And it was a sunny Wednesday.

“O-okay po,” aniyang pilit na ngumiti. “Iyon lang po ba?”

“Baka rin puwedeng isabay mo na lang siya mamaya pauwi pagsundo sa ’yo ni Enrique,” tukoy nito sa kanyang ama na siyang tagasundo niya. Not because she couldn’t take a cab by herself. Daddy’s girl kasi siya. Simula nang

maliit ay quality time nilang mag-ama ang paghatid at pagsundo nito sa kanya. “May lakad kasi kami ni Bernardo ngayon at baka gabihin kami ng uwi. Alam mo namang ayaw naming nagbibiyahe iyon nang mag-isa at halos di makakita kung gabi lalo at tamad na isuot ang salamin.”

“S-sige po, Tita, sabihan ko na lang si Joshua.” Ang akala ng mga magulang nila ay magkasundo silang magkababata. Little did they know that Ellie despised every moment they spent together. At madalas iyon, dahil halos kada weekend kung mag-get-together ang kanilang pами-pamilya at hindi maaaring hindi sila kasama bilang parehong nag-iisang anak.

Naiinis siya sa kalampahan ng lalaking iyon. The only time she was nice to him was when she needed him to do her homework.

“Thanks, Ellie! I’ll see you this weekend.”

“Bye, Tita!” pilit pa rin ang ngiting kaway niya sa nakatatandang babae habang minamaniobra na nito ang sasakyang papalayo sa unibersidad.

Pairap siyang tumalikod at puno ng disgustong tiningnan ang hawak na inhaler. They were twenty, for God’s sake, and still, Joshua couldn’t go on a day without having an asthma attack. Dapat ay may isang taon pa itong bubunuin sa college dahil five years ang kinuha nitong kurso na Computer Engineering, pero dahil accelerated ito noon ng one year sa high school, ay magkakassabay silang ga-graduate dahil four years lang ang Tourism. She would have been happy to have left him

behind.

“Guys, look, si Ellie!”

Sabay-sabay na napalingon kay Ellie ang kumpulan ng mga Computer Engineering students pagdungaw pa lamang niya sa pintuan ng classroom ng mga ito.

“Hey,” magiliw niyang bati sa mga ito. “Nakita n’yo si Josh?”

“Si Josh na naman?” ani Miggy na nakilala na niya dahil sa dalas ng pagpunta niya sa classroom ng mga ito. The group of boys clearly admired her. Pero hindi na iyon bago sa kanya. After all, she was the university’s *Miss Tourism* for four consecutive years.

“Ga-graduate na lang tayo, hindi ko pa na-experience na sadyain mo dito sa classroom.”

Matamis siyang ngumiti, nakita na niya si Joshua na nakaupo sa isang sulok. Kunot-noo itong nakatingin sa kanya. She had a feeling that Joshua hated having to deal with her just the same. Pero hindi niya iyon matanggap dahil as far as she was concerned there was nothing to hate about her, she was pretty and smart. Well, not geeky smart like him but cute smart. Napangisi siya sa sarili bago inirapan ang kababata. Pagkuwan ay hinarap niya si Miggy na nasa kanya pa rin ang buong atensyon.

“I don’t remember you having asthma like Joshua, Miggy. You look too healthy to be sucking on this stupid medicine!” aniya sabay wagayway ng hawak niyang inhaler ni Joshua.

Napuno ng tawanan ang paligid na sinalihan din niya. Muling binalingan ni Ellie si Joshua. “Heads up,

Josh!” sigaw niya bago ibinato ang inhaler sa direksyon nito.

Mas lalo lamang lumakas ang tawanan ng mga naroon nang halos magkandatumba-tumba ito sa tangkang pagsalo sa initsa niya. He ended up on the floor holding on to his medicine habang wala na sa ayos ang salamin nitong halos kasinlaki na ng mukha nito.

“Good catch!” she shouted sarcastically. “By the way, sasabay ka na lang sa amin ni Daddy mamaya pag-uwi. May lakad daw sina Tita at baka hindi sila makauwi nang maaga para sunduin ang baby nila. Is that okay with you?”

“Kaya kong umuwi nang mag-isa,” he said. Mabagal na itong bumabangon. Ang kulot pero nakahati sa gitna nitong buhok ay bahagyang nagulo. Ang salamin ay hindi na nakaayos sa mga mata nito. He looked ridiculous, especially with those long skinny arms at payat na payat ding katawan.

Tinaasan ito ng kilay ni Ellie. “I don’t really want you to come with us dahil wala naman akong assignment na kailangang ipagawa sa ’yo, pero ako ang malalagot kina Tita kapag hindi ka namin sinabay.”

Muntik na siyang mapaatras nang bigla itong maglakad papunta sa kanya. Joshua was tall, at kahit nilalait-lait niya ito ay hindi niya maipaliwanag kung bakit sa tuwing nilalapitan siya ng kababata ay may kakaibang pangamba na sandaling umaalipin sa kanyang sistema. But be that as it may, mabilis din siyang nakakabawi.

“What?” angil niya rito.

“Ako na ang bahalang magsabi kay Mommy. I have something to do before going home anyway.”

Mas lalo niya iyong ikinakunot ng noo. “What?”

“It’s none of your business,” anitong biglang naglumikot ang mga mata.

“Susunduin na naman niyan sa kabilang building si Irene!” buska ni Miggy.

Nagpalipat-lipat ang tingin ni Ellie sa mga ito. Nakita niya ang pamumutla ni Joshua which made him look even more pathetic.

“Who’s Irene?” Hindi niya maipaliwanag ang kaba na biglang sumigid sa kanyang dibdib.

“Just go to your class, Ellie. And thanks for the inhaler.”

“Who’s Irene?” ulit niya at nilingon na si Miggy na natigilan din sa pagkakakunot ng kanyang noo.

“Irene Hidalgo, Civil Engineering student, madalas silang magkasama ni Joshua lately.”

Matalim ang tinging binalingan niya si Joshua bago walang kibong tinalikuran.



Joshua was usually happy whenever he saw Irene, pero ngayon ay napatiim-bagang siya. Pero hindi iyon dahil sa dalaga kundi dahil sa kasama nito.

“What are you doing here?” marahas niyang tanong kay Ellie na kampanteng nakaupo sa plant box, katabi ni Irene na halatang hindi komportable sa kausap.

“Oh, hi Joshua!” masayang batì ni Ellie, giving him

that smile that never failed to make him feel weak.

Kahit mag-a-alas seis na ng hapon ay fresh na fresh pa ring tingnan ang kababata. Her face still looked pinkish and powdery fresh habang ang buhok na nakalugay ay kumikinang na tila mga hibla ng ginto dahil sa pagtama roon ng papalubog na araw.

He knew from the beginning that Ellie was beautiful. Alam din niyang maganda si Irene, pero ngayong magkatabi ang dalawa ay tila mas lalo lamang gumanda si Ellie. No normal guy would look at any other woman kung neroon lang sa paligid ang malditang kababata. Despite her rotten personality, Ellie had the face of an angel. Na madalas nitong gamitin para makawala sa mga kalokohang ginagawa. The same face she used sa tuwing may ipapagawa sa kanya. Kaya naman kahit gaano ito kamaldita ay hindi mahindian ni Joshua kung may hinihinging favor sa kanya. And it was mainly doing her homework for her.

“I just thought I’d introduce myself to your new friend, matagal-tagal na rin mula nang magkaroon ka ng bagong kaibigan,” patuloy pa rin ni Ellie na hindi pa rin maalis-alis ang malapad na pagkakangiti.

But he knew her too well. Behind that friendly smile was a mean girl who seemed to have vowed to make his life a living hell.

“Puwede ba kitang makausap nang mag-isa?” nagtitimpi niyang saad, ramdam ang tila isang mabigat na bagay na dahan-dahang dumadagan sa kanyang dibdib.

“Sure!” She beamed, rising to her feet.

Mabilis niyang hinatak ang kababata papalayo kay Irene. “Ano na naman ang ginagawa mo?” asik niya rito nang masigurong hindi na sila naririnig ni Irene.

“Come on, Joshua,” umiikot ang mga mata nitong simula. “Irene is way too pretty para pagkainteresan ka. I’m just telling her straight na hindi ka niya magagamit sa anumang agenda niya sa pakikipagkaibigan sa ’yo. Just like what happened with your precious little Stacey.”

“Stacey is a nice girl!”

Ellie’s nose wrinkled in disbelief. “Nice girl? Nice ba iyong gabi-gabi kang pinupuntahan sa bahay n’yo para lang ipagawa ang assignment niya sa ’yo?”

“I offered to do it because she’s kind to me. Unlike you, she *is* actually nice to me all the time. Hindi kung kailan lang may kailangan,” pasaring nito.

“Oh, my God, for a very smart person you’re such an idiot. Kaya siya nagpapakabait sa ’yo ay para tulungan mo siya. If I didn’t tell her to back off, she would still be using you until now. At malamang, in love na in love ka na ngayon sa kanya. Next thing you know, you’re buying her dresses, and then jewelleries, and you’ll wake up broke with a broken heart! And I don’t even wanna mention the other girls na kinalokohan mo. At iba naman ang case ko, ’no? You’re supposed to help me because our parents are close and they expect us to help each other,” wala sa rason nitong sagot. “Like what I’m doing right now, tinutulungan kitang huwag mahulog sa babaeng iyon. She’s gonna cause you heartbreak.”

“What do you care anyway?” tanong niyang hindi

inaalis ang paningin sa mga mata ng kababata. Lahat ng babaeng napag-aalaman nitong nakakausap ni Joshua—kahit gaano kainosente—ay pinakikialaman nito.

“I don’t, not really. But I care about your parents, and they told us to look after each other. So iyong ang ginagawa ko. Sila din naman ang magsa-suffer kapag umuwi kang luhaan dahil naloko ka ng babae. If you man up a little, maybe your parents would stop worrying about you. At nang hindi na rin ako maabala. Now, tell Irene that you can’t be friends with her anymore and then let’s go home,” she said bossily.

“I’m not doing that. I like Irene. I’m staying,” matatag niyang saad.

Nakita niyang dumilim ang mukha ni Ellie. And to him she looked even more beautiful. “I’m not telling you again, Joshua.”

“Hindi ko hahayaang sirain mo na naman ’to para sa akin, Ellie. You’ve done this countless times. And I genuinely like Irene. Lokohin man niya ako, labas ka na d’on. So just leave me alone.”

“Irene, Honey!” bigla ay tawag nito kay Irene na napatayo mula sa pagkakaupo sa plant box.

“Yes?”

“Watch...” utos nito sa babae.

At bago pa siya nakahuma ay nakalapat na ang mga labi ni Ellie sa kanyang bibig. Simpleng magkadaiti lang ang kanilang mga labi, walang gumagalaw pero ramdam ni Joshua ang tila pagtigil ng inog ng mundo sa kanyang talampakan.

Ellie's mouth was soft and her scent was intoxicating. He was a nerd all right, but he'd kissed a few girls and maybe he would have gotten further with them if not for Ellie's schemes. But then again, none of those girls could compare to the exact sensation he was feeling right now.

Ni hindi namalayan ni Joshua na nakapaikot na sa baywang ni Ellie ang kanyang mga braso, drawing her soft body toward him. And it felt perfect. But when he started to move his lips to kiss her properly, saka ito biglang humiwalay. Their eyes locked for a second before Ellie exhaled. Walang anuman nitong hinarap si Irene na nanlalaki ang mga mata.

“Need I say more?”

Noon lang din parang natauhan na nilingon niya si Irene na ngayon ay matalim na ang tingin sa kanya.

“Huwag mo na akong kakausapin kahit kailan!” And then she was gone.

“Let’s go home!”

Napabaling siya kay Ellie na ngayon ay nagpapatiuna nang maglakad patungo sa direksyon ng gate.

“Wait!” aniyang nakasunod na dito, pigil ang ngiting tuluyang nawala nang matapilok sa nakausling bato. Tahimik siyang napamura.

“You’re such a wimp!” asik ni Ellie na nilingon siya habang mabilis pa ring naglalakad. “And don’t even start asking about the kiss, Joshua. Ginawa ko lang ’yun para tuluyan ka nang layuan ni Irene,” pairap nitong saad.

“Are you sure it’s not because you’re jealous?” hindi niya napigilang ibulalas.

Parang may invisible na pader na nabangga si Ellie dahil sa biglaan nitong pagtigil sa paglalakad. And then she looked at him, ang mukha ay hindi maipinta. He couldn't tell if she was going to laugh or frown. "Excuse me?"

"Are you jealous of Irene?" ulit niya.

"Joshua..." Parang batang hinarap siya nito at hinawakan sa magkabilang braso. "I'm sorry, pero nakikinig ka ba sinasabi mo? Why the hell would I get jealous? Have you looked at the mirror lately? At nakita mo rin ba ang mga naging boyfriend ko? Do you look anywhere near them? Joshua, you could be the last man on earth but I still wouldn't even consider looking at you. Do you understand?"

Parang bagang binuhusan ng malamig na tubig ang pakiramdam ni Joshua nang mga oras na iyon. Madiin ang pagkakabigkas ni Ellie ng bawat katagang lumabas sa bibig nito. It was full of conviction and certainty. He could even see pure disgust on her face. At tinunaw niyon ang lahat ng pag-asang inaaruga niya sa kanyang dibdib.

It was useless, all his efforts. None of those girls that he befriended actually interested him. Pinag-aksayahan lang niya iyon ng mga oras, nagpagamit lang siya sa mga ito dahil sa tuwing may kinakausap siyang babae ay saka lang siya pinagtutuunan ng pansin ni Ellie. Which had started his hope of having Ellie in the first place. He thought that Ellie was pushing away all the girls he feigned interest in because she liked him. Hindi niya iniinda ang mga pinagsasabi ng kababata na ginagawa

lang nito iyon para sa mga magulang nila. Ellie was not the type to own up easily.

But hearing her say those words just now made him realize that he really was a big geeky idiot. Who was he kidding? He wasn't handsome, he wasn't healthy. He was a clumsy good-for-nothing guy.

"Oh, don't sulk like a kid!" patuloy pa rin ni Ellie. "Tingnan mo, galing pa nga lang sa 'kin ang rejection, hindi na maipinta ang mukha mo, paano pa kaya kung galing na sa mga kinalolokohan mong babae? You'll be crying like a baby." Umingos ito. "Tara na nga!"

Tahimik na lamang siyang sumunod sa kababata. Miserable wouldn't even start to explain how he was feeling. And he hated it. He didn't want to feel this way again. Sa unang pagkakataon ay ikinatuwa niyang graduation na kinabukasan. He didn't have to deal with Ellie ever again.

